

# ABISO SA ADMINISTRATIBONG DISKWALIPIKASYON

Petsa ng Abiso Kaso : \_\_\_\_\_  
 Pangalan : \_\_\_\_\_  
 Numero Manggagawa : \_\_\_\_\_  
 Pangalan : \_\_\_\_\_  
 Numero : \_\_\_\_\_  
 Telepono : \_\_\_\_\_  
 Address : \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_  
 \_\_\_\_\_

(TAGATANGGAP NG SULAT)

[ \_\_\_\_\_ ]

[ \_\_\_\_\_ ]

## AKSYON NG DISKWALIPIKASYON

Nadiskwalipika ka sa Programang CalFresh dahil sa sumusunod na aksyon:

- Natuklasan ng pagdinig sa estado na nakagawa ka ng sinadyang paglabag sa programa.
- Natuklasan ng desisyon ng korte na nakagawa ka ng sinadyang paglabag sa programa.
- Lumagda ka ng Kasunduan ng Pahintulot sa Diskwalipikasyon noong \_\_\_\_\_.
- Lumagda ka ng Pagsuko ng Karapatan sa Pagdinig sa Administratibong Diskwalipikasyon noong \_\_\_\_\_.
- Nadiskwalipika ka sa Programang CalFresh sa \_\_\_\_\_.

Pinadalhan o binigyan ka ng kopya ng nasabing aksyon sa itaas. Kung natuklasan ng desisyon ng pagdinig sa estado na nakagawa ka ng sinadyang paglabag sa programa, maaari ka pa ring litisin sa korte ng pamahalaang pederal o pamahalaan ng estado.

## PARUSA SA DISKWALIPIKASYON

Ang mga kaparusahan sa diskwalipikasyon ay 12 buwan para sa unang paglabag, 24 na buwan para sa ikalawang paglabag, at permanenteng diskwalipikasyon para sa ikatlong paglabag. Mayroong mga hiwalay na parusa kung lalabagin mo ang alinman sa mga patakarang ito:

- Kung mahatulan ka sa anumang korte na ipinagpalit mo ang mga benepisyong CalFresh para sa baril, amunisyon, o mga pampasabog, maaari kang madiskwalipika habangbuhay para sa unang paglabag.
- Kung mahatulan ka sa pagpapalit ng mga benepisyong CalFresh para sa mga kontroladong substansya, maaari kang madiskwalipika nang 24 na buwan para sa unang paglabag at habangbuhay para sa ikalawang paglabag.
- Kung mahatulan ka sa pagpapalit o pagbebenta ng mga benepisyong CalFresh na nagkakahalaga ng \$500 o higit pa, maaari kang madiskwalipika habangbuhay.
- Kung mahatulan kang naghain ng higit sa isang aplikasyon nang sabay at nagbigay ng 'di-tamang impormasyon ng pagkakakilanlan o tirahan, maaari kang madiskwalipika nang sampung taon.

Ito ang iyong \_\_\_\_\_ paglabag, na nangangahulugang:

- Hindi ka makakakuha ng mga benepisyong CalFresh nang \_\_\_\_\_ na buwan, mula \_\_\_\_\_ hanggang \_\_\_\_\_.
- Permanente ka nang nadiskwalipika sa programang CalFresh, simula \_\_\_\_\_.

**Mga Patakarang:** Ang mga patakarang ito ay umiiral. Maaari mong pag-aralan ang mga ito sa opisina ng kapakanan (welfare): MPP Sections 20-300.221(c), 20-300.3, 22-003.11, 63-804.1, 63-805.1.

## Mga tanong? Tanungin ang iyong Manggagawa.

**Pagdinig sa Estado:** Hindi mo puwedeng i-apela ang aksyon ng diskwalipikasyon sa isang pagdinig sa estado. Kung inaakala mong mali ang bagong halaga ng mga benepisyong CalFresh para sa iba pang mga miyembro ng iyong sambahayan, maaari kang humingi ng isang pagdinig. Sasabihin sa iyo ng likod ng pahinang ito kung paano. Kadalasan hindi magbabago ang bagong halaga maliban kung papalitan ito ng desisyon ng pagdinig.

## PAGTATAPOS NG DISKWALIPIKASYON

- Kung nadiskwalipika ka nang 12 o 24 na buwan at naninirahan pa rin sa parehong sambahayang CalFresh, dapat awtomatikong magsisimulang matanggap mo ang CalFresh sa buwan matapos ang petsa ng pagtatapos na nakasulat sa itaas. Kung hindi mangyayari ito, dapat mong tawagan ang iyong manggagawa o ibalik ang kalakip na form.
- Kung nakatira ka sa bagong sambahayang CalFresh, dapat mong hingin na maidagdag ka sa sambahayan matapos ang petsa ng pagtatapos na nakasulat sa itaas. May karapatan ka o ang iyong binigyang-kapangyarihang kinatawan na maghain ng aplikasyon sa CalFresh sa pagsusumite ng form sa county welfare department nang personal, sa pamamagitan ng koreo, fax, e-mail, sa pamamagitan ng elektronikong pagpapadala, o sa pamamagitan ng on-line na elektronikong aplikasyon sa: <http://www.benefitscal.org/BenefitsPortal/landing.html>.
- Kung hindi ka nakatira sa isang sambahayang CalFresh sa katapusan ng panahon ng diskwalipikasyon, dapat kang mag-aplay ulit para sa CalFresh. May karapatan ka o ang iyong binigyang-kapangyarihang kinatawan na maghain ng aplikasyon sa CalFresh sa pagsusumite ng form sa county welfare department nang personal, sa pamamagitan ng koreo, fax, e-mail, sa pamamagitan ng elektronikong pagpapadala, o sa pamamagitan ng on-line na elektronikong aplikasyon sa: <http://www.benefitscal.org/BenefitsPortal/landing.html>.
- Maaari mong ibalik ang form sa susunod na pahina para hingin na maibalik ang iyong CalFresh.
- Kung permanente kang nadiskwalipika sa programang CalFresh, hindi na maibabalik ang iyong CalFresh.

## ABISO SA IBANG MGA MIYEMBRO NG IYONG SAMBAHAYAN

- Dahil si \_\_\_\_\_ ay nadiskwalipika sa Programang CalFresh:
  - Magbabago ang iyong mga benepisyong sa CalFresh mula \$ \_\_\_\_\_ sa \$ \_\_\_\_\_ simula \_\_\_\_\_.
  - Pero dahil nag-report ka ng pagbabago, mag-iiba ang iyong mga benepisyong CalFresh. Ipinapakita ng kalakip na Abiso sa Pagbabago ang halagang matatanggap mo.
  - Mahihinto ang iyong mga benepisyong CalFresh sa \_\_\_\_\_. Bilang resulta ng diskwalipikasyong ito, ang iyong kita ay masyadong mataas. Maaari kang mag-aplay ulit kapag tapos na ang panahon ng diskwalipikasyon o kung magbabago ang mga sirkumstansya.
- Nagtapos na ang iyong panahon ng sertipikasyon. Maaari kang mag-aplay ulit anumang oras. Maaaring iba ang iyong mga benepisyong CalFresh dahil si \_\_\_\_\_ ay nadiskwalipika.

## MGA KOMENTO:

## ANG MGA KARAPATAN NINYO SA PAGDINIG

May karapatan kayong humiling ng pagdinig kung hindi kayo sang-ayon sa anumang aksyon ng county. 90 araw lamang ang mayroon kayo para humiling ng pagdinig. Nagsimula ang takdang panahon na 90 araw noong kinabukasan ng araw na ibinigay o ikinoreo sa inyo ang notisyang ito. Kung mayroon kayong mabuting katwiran kung bakit hindi kayo nakapag-file para sa pagdinig sa loob ng itinakdang 90 araw, maaari pa rin kayong mag-file para sa pagdinig. Kung makapagbigay kayo ng mabuting katwiran, maaari pa ring magtakda ng pagdinig.

**Kung humiling kayo ng pagdinig bago mangyari ang aksyon tungkol sa Cash Aid, Medi-Cal, CalFresh (Food Stamps), o Child Care:**

- Mananatiling pareho ang inyong Cash Aid o Medi-Cal habang hinihintay ninyo ang pagdinig.
- Maaaring manatiling pareho ang inyong Child Care Services habang hinihintay ninyo ang pagdinig.
- Mananatiling pareho ang inyong CalFresh (Food Stamps) hanggang sa pagdinig o sa katapusan ng takdang panahon para sa pagpapatunay ninyo, alinman ang mauna.

**Kung ang hatol ng pagdinig ay nagpapahayag na tama kami, kayo ay magkakautang sa amin para sa anumang ekstra na Cash Aid, CalFresh (Food Stamps) o Child Care Services na natanggap ninyo.** Para pahintulutan kaming babaan o ihinto ang mga benepisyo ninyo bago idaos ang pagdinig, markahan ng check sa ibaba nito:

Oo, babaan o ihinto:  Cash Aid  CalFresh (Food Stamps)  
 Child Care

**Habang Hinihintay Ninyo ang Hatol ng Pagdinig para sa:**

### **Welfare to Work:**

Hindi kayo kailangang sumali sa mga gawain.

Maaari kayong tumanggap ng bayad para sa pagpapaalaga ng bata para sa empleo at mga gawain na inaprobahan ng county na nauna sa notisyang ito.

Kung ipinabatid namin sa inyo na ihihinto ang mga bayad para sa inyong mga ibang serbisyong pang-alalay, hindi na kayo makakatanggap ng mga bayad, kahit na pumunta kayo sa gawain ninyo.

Kung ipinabatid namin sa inyo na babayaran namin ang inyong mga ibang serbisyong pang-alalay, babayaran ang mga ito sa halaga at sa paraan na binanggit namin sa inyo sa notisyang ito.

- Para makuha iyong mga serbisyong pang-alalay, dapat kayong pumunta sa gawaing sinabi sa inyo ng county na daluhan.
- Kung ang halaga ng mga serbisyong pang-alalay na ibinabayad sa inyo ng county habang hinihintay ninyo ang hatol ng pagdinig ay hindi sapat para mapahintulutan kayong sumali, maaari kayong huminto sa pagpunta sa gawain.

### **Cal-Learn:**

- Hindi kayo maaaring sumali sa Cal-Learn Program kung ipinabatid namin sa inyo na hindi namin kayo mapaglilingkuran.
- Mga serbisyong pang-alalay ng Cal-Learn para sa isang aprobadong gawain lamang ang babayaran namin.

## IBA PANG IMPORMASYON

**Mga Myembro ng Medi-Cal Managed Care Plan:** Maaaring itigil ng aksyon nasa notisyang ito ang inyong kakayahang makakuha ng serbisyo mula sa inyong managed care health plan. Maaaring gustohin ninyong kontakin ang membership services ng inyong health plan kung mayroon kayong mga tanong.

**Sustentong Pambata at/o Medical:** Tutulong ang lokal na ahensya ng sustentong pambata na kumolekta ng sustento na walang bayad kahit na hindi kayo kasali sa cash aid. Kung kumukolekta na sila ngayon ng sustento para sa inyo, patuloy nilang gagawin ito maliban kung sabihin ninyo sa kanila na huminto sa pamamagitan ng isang kasulatan. Ipadadala nila sa inyo iyong perang nakolekta para sa kasalukuyang sustento pero mananatili sa kanila ang perang nakolekta para sa atrasadong bayad na utang sa county.

**Family Planning:** Bibigyan kayo ng impormasyon ng inyong opisina ng welfare kapag humiling kayo nito.

**File para sa Pagdinig:** Kung humiling kayo ng pagdinig, gagawa ang State Hearing Division ng file. May karapatan kayong makita itong file bago idaos ang inyong pagdinig at makakuha ng kopya ng nakasulat na paninindigan ng county sa kaso ninyo nang dalawang araw man lamang bago idaos ang pagdinig. Maaaring ibigay ng estado ang inyong file para sa pagdinig sa Welfare Department at sa U.S. Departments of Health and Human Services and Agriculture. (W&I Code Sections 10850 and 10950.)

NA BACK 9 (Tagalog) (REPLACES NA BACK 8 AND EP 5) (REVISED 4/2011) - REQUIRED FORM - NO SUBSTITUTE PERMITTED

## PARA HUMILING NG PAGDINIG:

- **Sagutin ang pahinang ito .**
- Gumawa ng kopya ng harap at ng likod ng pahinang ito para sa inyong records.  
Kung hihilingin ninyo, kukuha ang tauhang mayhawak sa kaso ninyo ng kopya nitong pahina para sa inyo.
- **Ipadala o dalhin ang pahinang ito sa:**

**O**

- **Tumawag nang libre sa: 1-800-952-5253 o** para sa may kapansanan sa pandinig o pananalita na gumagamit ng TDD, sa **1-800-952-8349.**

**Para Makakuha ng Tulong: Maaari kayong magtanong tungkol sa inyong mga karapatan sa pagdinig o para sa pagsangguni sa legal aid sa mga numero ng telepono ng estado na libre ang tawag na nakalista sa itaas.** Maaari kayong makakuha ng libreng tulong tungkol sa batas sa lokal na opisina ng legal aid o welfare rights.

**Kung ayaw ninyong pumunta nang nag-iisa sa pagdinig, maaari kayong magsama ng kaibigan o ng sinuman.**

### KAHILANGAN PARA SA PAGDINIG

Gusto ko ng pagdinig dahil sa isang aksyon ng Welfare Department ng County ng \_\_\_\_\_ tungkol sa aking:

- Cash Aid  CalFresh (Food Stamps)  Medi-Cal  
 Iba pa (ilista) \_\_\_\_\_

**NARITO ANG DAHILAN:** \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

- Kung kailangan ninyo ng karagdagang espasyo, markahan ng check dito at magdagdag ng pahina.**
- Nangangailangan akong mabigyan ng estado ng tagapagsalin na walang gastos sa akin. (Hindi maaaring magsalin para sa inyo ang isang kamag-anak o kaibigan sa pagdinig.)

Ang aking wika o dialekto ay: \_\_\_\_\_

PANGALAN NG TAO KUNG KANINONG MGA BENEPISYO ANG HININDIAN, BINAGO O HININTO

ARAW NG KAPANGANAKAN NUMERO NG TELEPONO

ADDRESS

LUNGSOD ESTADO ZIP CODE

PIRMA PETA

PANGALAN NG TAONG SUMASAGOT SA FORM NA ITO NUMERO NG TELEPONO

- Ang taong nakapangalan sa ibaba ang gusto kong gumanap na kinatawan ko sa pagdinig na ito. Pinahihintulutan ko ang taong ito na makita ang aking records o pumunta sa pagdinig para sa akin. (Ang taong ito ay maaaring isang kaibigan o kamag-anak pero hindi maaaring magsalin para sa inyo.)**

PANGALAN NUMERO NG TELEPONO

ADDRESS

LUNGSOD ESTADO ZIP CODE